




REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG ISLA NG MINDORO TAON 2011 Bilang 1

Ilantad, labanan at biguin ang mapanlinlang na OPLAN BAYANIHAN ng Rehimeng US-Aquino!

Sa pagkakaupo ni Noynoy Aquino bilang pangulo at commander-in-chief ng AFP, pinalawig nito ang Oplan Bantay Laya (OBL) II ng rehimeng US-Arroyo hanggang Disyembre 31, 2010. Nitong Enero 2011, binalangkas ng DND-AFP ang Internal Peace and Security Plan (IPSP) - OPLAN BAYANIHAN bilang bagong planong kontra-insurhensya na halaw sa US Counter Insurgency Guide ng 2009. Isang programang nagkakanlong sa salitang "kapayapaan" at binabanderang mamamayan ang kanilang pangunahing tutok ng "serbisyo".

Ngunit ano nga ba ang IPSP-OPLAN BAYANIHAN ng Rehimeng US-Aquino III?

Ayon sa AFP, ang IPSP-Oplan Bayanihan ay "makatao" ngunit sa aktwal, ang buong programa nito ay naglalaman ng mapanlinlang at mapamuksang atake sa mamamayan at sa rebolusyonaryong kilusan.



Ipapatupad ang IPSP Bayanihan mula 2011 hanggang 2016 at nahahati ito sa dalawang yugto. Ang ***near term*** (2011-2013) ay tumutukoy sa panahon ng pagsugpo sa mga "armadong grupong bantang panloob" at pag-estabilisa ng mapayapa at maayos na seguridad. Ang ***medium-term*** (2014-2016) naman ay tinatayang maipapasa na ang pagtutok sa insurhensya sa PNP, habang inaasikaso naman ng AFP ang banta mula sa labas ng bansa.

Ang kaibahan ng IPSP–Oplan Bayanihan mula sa nabigong OBL I & II ng rehimeng Arroyo ay nagkakanlong sa salitang pagsusulong ng "kapayapaan" at seguridad ng bansa at mamamayan. "Kapayapaang" isusulong ng AFP sa pamamagitan daw ng pagsuporta sa negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng Gobyerno ng Pilipinas (GPH) at NDFP. Kapayapaang walang ibang hangad kundi ang pagsuko ng mga NPA. Ngunit maipapatupad nga ba ito ng berdugong AFP sa kabila ng katotohanang sila mismo ang tagapamandila ng karahasan, pangungurakot at pagtatanggol sa lokal at dayuhang mamumuhunan sa bansa?

Sa pagpapapatupad ng IPSP-Oplan Bayanihan, gagamitin ng AFP ang mga sumusunod na pamamaraan:

Whole of Nation Approach - Pakikilusin ng AFP lahat ng tinatawag na "kasangkot" kapwa sa gubyerno at di gubyerno, para makamit ang mga layunin nito.

People Centered Approach / ***Human Security Approach*** - Paggamit sa konsepto ng "human security" na ang layon ay tugunan ang mga pangangailangan ng mamamayan, kabilang ang ekonomikong pag-unlad, karapatang pantao, at iba pa.

Mula sa dating todo-gerang patakaran ng OBL na tigmak sa dugo sa dami ng pinatay, dinukot, minasaker, iligal na inaresto at ikinulong, mga pinalayas at inagawan ng mga lupa, gustong lokohin ng bagong oplan ang masa sa pangangalandakan ng diumano'y mahigpit na tatalima ang AFP sa mga karapatang pantao, internasyunal na makataong batas at rule of law. Paano ito gagawin ng AFP sa tuluy-tuloy pa rin nilang paglulunsad ng nakapokus na operasyong kombat sa ilalim ng TRIAD operations (combat, intel at CMO) habang tinutugis ang mga rebolusyonaryong pwersa?

Nangangarap ang AFP na malilinlang ng kanilang bagong pakana gayong mismong mga kasundaluhan ay halos isuka ang institusyon ng AFP dahil sa labis na brutalidad at kasakiman ng mga opisyal.

Sundan sa pahina 2

Bayanihan...mula pahina 1

Susi daw at bahagi ng kanilang Oplan Bayanihan ang pagpapatupad ng mga reporma sa sektor panseguridad. Kabilang sa mga repormang ito ang pagpapataas ng kakayahan ng AFP para sa pagtugis sa mga armadong grupong banta sa seguridad. Nangangahulugan ito ng pagpapalaki ng badyet ng AFP para sa mga sahod at benepisyo ng mga sundalo, pagbili ng mga makabagong kagamitang militar at ang tuluy-tuloy na modernisasyon ng AFP. Kung kaya naman nagkakandarapa ang Rehimeng Aquino sa pagdagdag ng badyet ng AFP . Magsasagawa din daw ang AFP ng malaganap na pag-aaral at pagsasanay para sa kasundaluhan hinggil sa karapatang pantao at pagtiyak daw na mapaparusahan ang mga lumabag dito.

Tutok ng Oplan Bayanihan ang mga proyektong pangkaunlaran at ekonomikong panlalansi sa mamamayan. Katulong ang iba pang mga ahensya ng reaksyunaryong gubyerno, sinusuportahan ng programa ang Conditional Cash Transfer (CCT) ng DSWD o ang 4P's na nilaanan ng P21B at ang anyo ng pagtulong sa mamamayan ay ang pamumudmod ng pera sa mga mahihirap – na walang ibang tutunguhin kundi ang pagiging palaasa at manlilimos ng mamamayan sa halip na tulungan silang maging produktibo at umaasa sa sarili. Kabilang ito sa mga repormistang programa na walang ibang layunin kundi linlangin ang masa at ilayo sila sa pagrerebolusyon.

Obligasyon ng gobyerno ang magpatupad ng mga programang pangkabuhayan at pangmatagalang solusyon sa kahirapan sa halip na "pantawid gutom" lamang. Napipilitang amutan ng reaksyunaryong gubyerno ang mamamayan ng mga serbisyong matagal na nilang ipinagkait. Sinasamantala ng pakitang-taong programa ang malalang kahirapan para makuha ang loob ng mamamayan. Mula sa dating mga sibilyang ahensya ng gubyerno ang nagpapatupad nito, sa ilalim ng Oplan Bayanihan, pati ang AFP ay tuwirang makikialam dito—at magiging tabing ng mga tropa ng AFP ang mga sibilyang ahensya, mga NGO's sa paniniktik—pag-alam at pagtukoy sa mga rebolusyonaryong organisasyon at personalidad sa baryo at sa maluwag nilang pagpasok at paglabas sa baryo. Kabilang sa mga programang "pangkaunlaran" na ipapatupad at babantayan ng Oplan Bayanihan ay mga proyektong pagmimina at ibang anti-mamamayang proyekto sa isla na mahigpit na tinututulan ng mamamayan dahil sa malawakang pinsala sa kabuhayan at kapaligiran.

Kung dati ay RSOT (Re-Engineered Special Operation Teams) ang tawag sa mga yunit ng militar na nagsasagawa ng ganitong panlilinlang sa ilalim ng OBL, ***Peace and Development Teams (PDT)*** naman ngayon ang bagong maskara. Habang naglulunsad ng kunwang pagseserbisyo at nag-aanyong maamo, tuloy ang pailalim na panghahalihaw sa interes ng mamamayan. Isang kampanyang propaganda ng mga malalabnaw at hinugot-mula-sa-bibig-ng-mga-taksil na paninira sa CPP/NPA/NDF at regular na pahayag sa mga istasyon ng radyo at telebisyon ang ginagawa ng AFP para sirain ang reputasyon ng ating Partido at Hukbo at maging ng mga karaniwang mamamayang tumututol sa mga maling patakaran ng gobyerno.

Kasabay nito hindi pa rin binibitiwan ng AFP ang kanilang grandyosong pakanang paliitin daw ang bilang ng NPA hanggang sa antas na wala na itong kabuluhan at kakayahan--sa pamamagitan ng ***TRIAD Operations (Combat, Intel, CMO)*** na komponente pa din ng atake sa NPA, habang may ilang bahagi na di armadong mga sundalo na namumudmod ng mga pagkain, nanggagamot, nagpapaliga sa mga barangay ng basketbol, tumutulong sa pagtatayo/pagpapatayo ng mga basketball courts, kalsada, tulay, waiting shed, patubig katulong ang ibat-iba pang ahensya ng gobyerno, lokal na pamahalaan, mga NGO, sibikong organisasyon, People's Organization para makipagpaligsahan sa impluwensya ng rebolusyunaryong kilusan. Subalit, alinmang komponente ng bagong oplan ay hindi makalulutas sa kawalan ng lupa, mababababang sahod, kakapusan ng mga batayang serbisyo at tunay na kaunlaran.

Higit pa sa combat operations ang dalang lason ng mga CMO (civilian military operations) at say war ng kaaway laban sa rebolusyonaryong kilusan. Ginagamit ng AFP ang mga pulong sa barangay at pagpapalabas ng mga sine na pawang paninira sa NPA at rebolusyonaryong kilusan. Nagpapalabas sila ng mga pelikula na malalaswa para gawing kasing-bulok ng kanilang kaisipan ang mamamayan. Ginagamit nila ang pagkakataong tulad nito para magbanta sa mga masa at magpasuko sa mga pinaghihinalaang kasapi o tagasuporta ng rebolusyonaryong kilusan.

Nagpapakana rin ito ng mga paraan para pasukuin ang kalaban ng gobyerno. Naghahamon sila ng "usapang pangkapayapaan" para pabanguhin ang kanilang imahe. May kunwang pamamahagi ng lupa sa pamamagitan ng pekeng CARP at CADT/CALT (para sa mga katutubo), CLOA (Certificate of Land Ownership Award), ngunit lahat ng lupang ipinamamahagi ay may nakaambang pagpapalayas sa hinaharap dahil sa nalalapit na operasyon ng mina.



Ngayon daw ay igagalang na nila ang karapatang-tao. Pag-amin ito sa kanilang pananagutan sa mahigit sa isang libong biktima ng pamamaslang ng nagdaang rehimen. Iwinawasto nila ang mga kahibangan ni Palparan dahil sa lubos na pagkakahiwalay ng AFP sa mamamayan at ng Rehimeng Arroyo sa *international community.* Pero ang lahat ng ito ay tuluyan lamang na maisusulat sa papel at propaganda ng IPSP-Oplan Bayanihan. Magpalit man ng damit, umaalingasaw pa rin ang baho.

Sundan sa pahina 3

Bayanihan... mula pahina 2

Hamon at Pagharap ng Mamamayan sa Nakakamuplaheng IPSP-OPLAN BAYANIHAN

Sa dinami-daming palabok ng IPSP-Oplan Bayanihan, wala rin itong kahihinatnan kundi ang mabigo at isuka ng taumbayan dahil sa kanilang mga pagkukunwari at kasinungali ngan. Aral na sa mamamayan at rebolusyunaryong mamamayan na anumang Oplan ng mga reaksyunaryo at pasistang gobyerno ay mapanupil, malupit at marahas para mapangalagaan ang interes ng mga naghaharing uring mapagsamantala at mapang-api.

Isa lamang ang ating pagsusuri sa IPSP-Oplan Bayanihan. Lahat ng dating pamamaraan ng kaaway na pagpatay, pagdukot, pag-aresto/ paghuli, pagpapalayas sa mga tirahan ay mananatili, pero lalangkapan nila ito ngayon ng maraming paglulubid ng kasinungalingan sa midya at aktibong gagamitin nila ang panlilinlang para mapagtakpan ang kanilang kahayupan. Kayat higit at dapat na mas ma ging mapagbantay at mas determinadong lumaban ang mamamayan.

Walang pinakamainam na pamamaraan sa pagbigo sa Oplan kundi ang puspusan at todo-kayang pagsusulong ng mga adhikain ng demokratikong rebolusyong bayan - ang walang pasubaling tunay na naglilingkod sa interes ng masa. Sa kabila ng sakri - pisyo at kamatayang maaaring kaharapin sa pagrerebolusyon, hatid nito ay ang pagkakamit ng tunay at matagalang kapayapaan.

Ang mga tungkulin natin sa pagsusulong ng armadong pakikibaka, pagtatayo ng baseng masa at pagsusulong ng rebolusyong agraryo ang tiyak na bibigo sa Oplan Bayanihan

Una- ang armadong pakikibaka bilang pinakamataas na anyo ng paglaban para ibagsak ang mapagsamantalang naghaharing sistema at maitayo ang gobyerno ng mga mamamayan na tunay na maglilingkod sa interes ng masang api.

Pangalawa -- ang pagtatayo at pagpapalakas ng baseng masa sa pamamagitan ng pagpropaganda, pag-oorganisa sa mga mamamayan at pagpapakilos sa kanila para sa kanilang kabuhayan at kapakanan hanggang sa pagtatayo ng sarili nilang gobyerno at organisasyon at kamtin ang maunlad at makatarungang pamumuhay.

“Lahat ng dating pamamaraan ng kaaway...ay mananatili, pero lalangkapan nila ito ngayon ng maraming paglulubid ng kasinungalingan sa midya at aktibong gagamitin nila ang panlilinlang para mapagtakpan ang kanilang kahayupan. Kaya’t higit at dapat na mas maging mapagbantay at mas determinadong lumaban ang mamamayan.”

Pangatlo, pagsusulong ng rebolusyong agraryo bilang pangunahing pamamaraan ng masang magsasaka para pawiin ang monopolyo sa lupa ng iilang panginoong maylupa at maibalik sa mga masang magsasaka ang lupang binungkal nila. Kailangang maisulong ang kolektibong pagtutulungan at paggawa sa mga sakahan, pagawaan at mga kooperatiba at pagpapasigla ng mga mapanlikhang mga kaisipan at pamamaraan ng masa para maitaas at mapaunlad ang kanilang pamumuhay. Kailangang ilunsad ang mga kampanya sa produksyon, kalusugan, edukasyon at literasiya para sa mamamayan. Ano ang silbi ng 4P’s sa atin kung mistulang namamalimos tayo ng mumong tulong ng gobyerno habang limpak-limpak na pera ang kinukurakot ng mga nakaupo sa reaksyunaryong gubyerno, ng mga matatas na opisyal at heneral ng AFP? Anong silbi ng pamumudmod na ito kung ang kapalit naman ay ang pangangamkam ng mga lupain ng katutubo at magsasaka dahil sa mina at iba pang mga proyektong panturismo/dayuhan? Isa lamang ang ating aral sa pagbigo sa mga kontra-insurhensyang oplan. ***Walang mahusay na Oplan sa determinado at lumalabang mamamayan!***



Pataasin ang ating kahandaan sa sakripisyo at pagpupunyagi sa tagumpay!

Palakasin ang pagkakaisa ng sambayanan sa paglalantad, paglaban at pagbigo sa engrandeng iskemang saywar – OPLAN Bayanihan!

Kamtin ang mas malalaki at makabuluhang tagumpay sa lahat ng larangan hanggang mahawan ang landas mula sa ESDEP tungong ESPAT!

Itaguyod ang Demokratikong Rebolusyong Bayan upang makamit ang hustisyang panlipunan at demokrasyang bayan! ###

2011: Bagong taon ng pakikibaka, panibagong hamon sa pagsusulong ng Digmang Bayan tungong ESPAT!



Walang ilusyon ang mamamayan na malulutas ng nakaraang eleksyon at bagong tangkas ng mga opisyales sa gubyerno mula pambansa hanggang barangay ang mga suliranin ng mamamayan sa kabuhayan at pulitika hangga't hindi nababago ang sistema. Hindi maaaring umasa sa mga pangako ng mga pulitiko kundi sa sariling lakas, pagsisikap at sama-samang pagkilos.

Mahigit nang kalahating taon mula nang maluklok ang bagong rehimen ni Noynoy Aquino, wala pang anumang nakikitang pagbabago at katuparan sa mga ipinangakong "tuwid na daan" at kung ano ang kaibhan nito sa nakaraang rehimeng Arroyo. Mula nang maupo si Aquino sa poder, wala nang tigil ang halos linggo-linggong pagtaas ng presyo ng langis at gasolina, pamasahe, kuryente, buwis at halos lahat ng uri ng bilihin. Wala pa ring kasagutan sa problema ng magsasaka sa lupa, ng mga manggagawa sa sahod at krisis na buong bigat na pinapasan ng sambayanan. Pati ang pangakong pag-uusig sa mga kabulukan at korupsyon ng nakaraang rehimen at mga pananagutan ng rehimeng Arroyo sa paglabag sa karapatang pantao ay nakapako pa rin habang paparami pa ang mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao sa lahat ng dako ng bansa. Dagdag pa ang tumataas na bilang at tindi ng kriminalidad at iba pang mga panlipunanag suliranin.

Samantala, tulad ng kanyang mga sinundang rehimen, tinitiyak ng bagong luklok na rehimen ang dagdag na pondo at sahod at libreng pabahay para sa kasundaluhan sa pamamagitan ng pagpapalaki ng badyet ng AFP habang binabawasan naman ang badyet para sa edukasyon, kalusugan, agrikultura-- sa kabila ito ng tagustagusang mga kabulukan at korupsyon sa loob ng AFP na imbwelto ang mga matatas na upisyal nito at kanilang mga pamilya.

Isang kabalintunaan na habang lalong nalalantad ang kabulukan sa AFP na tumatagos hanggang sa iba pang ahensya ng gobyerno, nagaganap ang malalang mga paglabag sa karapatang-tao sa mga operasyon ng AFP at ipinagmamalaki nila ang paninindigan nila para sa pro pesyunalisasyon ng AFP at ang kanilang paggalang daw sa karapatang-tao, internasyunal na makataong batas, at *rule of law* (HR, IHL, at ROL) sa bagong Internal Peace ang Security Plan ng AFP na OPLAN BAYANIHAN.

Ang OPLAN BAYANIHAN ay isang engrandeng pakanang say-war na walang ibang layunin kundi ipagpatuloy ang karahasan ng estado laban sa mamamayan na may pagsalig sa panlilinlang at kooptasyon (pagbibigay diin sa CMO); isang pag-amin din ito ng pagkabigo ng OBL 1 &2 sa layuning pagdurog sa mga rebolusyonaryong pwersa.

Pagbigo sa OBL2, paglulunsad ng mga TO

Sa pagpasok ng 2011-- isang bagong taon ng pakikibaka , mahalagang tumanaw sa mapulang hinaharap habang binabalikan ang mga pagsisikap natin sa pagsusulong ng digmang bayan at ang naging ambag ng isla sa pagtataas ng antas ng digmang bayan para sumulong mula sa estratehikong depensiba tungong estratehikong pagkakapatas. Isinara natin ang taong 2010 sa mga pulong masa sa iba't ibang bahagi ng ating larangang gerilya na nilahukan ng mga kasama, masa at mga alyado at mga nagtataguyod ng rebolusyon upang ipagdiwang ang mga tagumpay sa ika-42 anibersaryo ng Partido at bigyang pugay lahat ng rebolusyonaryong pwersa at kanilang mga kontribusyon at paggampan sa mga rebolusyonaryong tungkulin.

Hindi naging madali sa atin ang pagharap at pagbigo sa huling yugto ng OBL2 na ikinasa ng reaksyunaryong rehimeng US-Arroyo at ang ekstensyon nito sa panahon ng bagong luklok na rehimeng US-Aquino para diumano'y durugin ang rebolusyonaryong pwersa at/o gawing insignipikante ang mga ito pagdating ng Hunyo 2010 sa pagbaba ni GMA bilang pangulo.

Nagkakaisang hinarap at pinangibabawan ng Partido, hukbo , rebolusyonaryong kilusan at masang Mindoreno ang epekto ng teror at lupit ng berdugong si Palparan at mga sumunod na upisyal ng 203rd Bde, ang sumunod na mga pamamaraan at metodolohiya sa ilalim ng OBL2 na paggamit ng RSOT, CMO, say-ops at iba pang mga proyektong inilulunsad sa mga barangay na walang ibang layunin kundi ang linlangin ang masa at ilayo sila sa landas ng pagrerebolusyon. Nalantad sa mga masa ang ginagamit na mga paraan ng panlilinlang tulad ng pagpapanggap at pagpapakilala ng mga sundalo ng Army na sila ay NPA para lituhin ang masa at siraan ang pangalan ng NPA sa pamamagitan ng mga gawaing kontra mamamayan. Tinatakot naman ang mga masang hindi na kayang malinlang sa pamamagitan ng pana-panahong paglulunsad ng mga malalaking operasyong militar. Karaniwang komentaryo ng mga masang Mindoreno na pagkatapos pala ng ginawang pagpatay, paghuli, pagtortyur at pambubugbog ng mga militar sa mga masa sa ilalim ng Oplan Habol Tamaraw (2001-2006) ay heto na naman sila sa bagong Oplan na nagmamagandang loob at "nanggagamot, tumutulong, nakikipagsalamuha sa masa". Ahh… hindi nito mabubura ang ginawang kasalanan sa sambayanang Mindoreno ng mga pasistang militar. Hindi kailanman malilimutan ng Mindoro ang inihasik ng mga militar na karahasan at teror kahit anupamang pagbabait-baitan at pagpapanggap ang kanilang gawin!

Sundan sa pahina 5

2011...mula pahina 4

Inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan sa Mindoro ang mga taktikal na opensiba (TO) sa taong ito, tampok at umaalingawngaw sa buong bansa ang tagumpay natin at pagkakadurog ng isang platun ng 23rd DRC sa Mansalay, MOR noong Marso 6, 2010 kung saan nakakumpiska tayo ng 17 malalakas na armas at iba pang mahahalagang gamit militar at pang-komunikasyon at nakapagdulot ng 18 kaswalti sa kaaway (11 KIA at 7 WIA). Dinamdam ng kaaway ang pagkatalo ng kanilang mga pili at *elite* na pwersang panagupa (DRC) at pilit pinagtatakpan ang tagumpay ng nga Pulang upisyal at mandirigma sukdulang aminin nila ang kanilang kahinaan at *tactical operational blunder*--- paglabag diumano sa mga protocol at SOP sa kanilang mga operasyon.

Nakapaglunsad din ng operasyong isparo sa mga sentrong bayan at mga dagliang ambus sa nag-ooperasyong kaaway. Nakapagdulot din tayo ng malalaking pinsala sa kaaway maging sa mga labanang nasa inisyatiba ng kaaway. Dagdag pang pinsala sa kaaway ang mga atritibong aksyon ng Hukbo para parusahan ang mga pasistang militar at guluhin at bulabugin ang mga malakihang operasyon ng mga yunit ng AFP sa kanayunan. Sa buong taon, napatay sa mga labanan ang 22 na kaaway at nasugatan ang 15 iba pa (PA-RMG-CAFGU). Nakapagpaluwag din sa ating gawaing masa ang mga pagpaparusa sa mga aktibo at sagadsaring aset at impormer ng kaaway upang alisan ng mata at taynga ang kaaway—habang binabalaan at ninyutralisa ang ilan na wala pang mga malulubhang kaso laban sa mamamayan.

Nagpupugay tayo sa matatapang at magigiting na mandirigma at mga masang lumahok at nagsakripisyo para sa ikatatagumpay ng mga aksyong militar-- at lalo na sa mga rebo lusyonaryong martir na nagbuwis ng buhay sa mga nasabing labanan—isang di maiiwasang sakripisyo na lalong nagpapula ng landas ng rebolusyon at naghahawan ng daan para sa pagtatataas ng antas ng digmang bayan sa susunod na yugto.

“Hangga’t di nilulutas ng rehimeng US-Aquino ang mga ugat ng armadong pakikibaka tulad ng suliranin ng magsasaka sa lupa, pambansang industriyalisasyon, pambansang kasarinlan, katarungan at tunay na demokrasya, tiyak na mabibigo ang kontra insurhensyang programa nito.”

Pagtatayo ng base, pagsusulong ng Rebolusyong Agraryo (RA) at pakikibaka para sa kabuhayan

Magkakaalinsabay nating ginampanan ang pagsusulong ng armadong pakikibaka, pagtatayo ng baseng masa at pagsusulong ng RA sa ating mga larangang gerilya sa dalawang probinsya ng isla. Ilang daang mga katutubo at magsasaka ang patuloy na nakikinabang sa mga bunga ng pakikibaka ng masa para sa kanilang lupang sakahan, mga lupaing dati’y ang iilang panginoong maylupa at mga baka lamang ang nakikinabang. Napaunlad na ang mga dating pastuhan at ngayo’y mga sakahan at taniman ng pagkain ng kanilang mga pamilya. Sama-sama nilang nililinang ang mga ito habang pinauunlad ang kanilang kakayahan sa pangangasiwa ng kanilang mga samahan at kabuhayan.

Hangga’t di nilulutas ng rehimeng US-Aquino ang mga ugat ng armadong pakikibaka tulad ng suliranin ng magsasaka sa lupa, pambansang industriyalisasyon, pambansang kasarinlan, katarungan at tunay na demokrasya, tiyak na mabibigo ang kontra insurhensyang programa nito. At ang patuloy na pangangayupapa ng rehimeng Aquino sa dikta ng imperyalismong US at pagkapit nito sa mga patakarang neo-liberal ay magpapalala lamang ng domestikong krisis at magiging matibay na batayan para sa patuloy na pagsusulong ng mamamayan ng armadong pakikibaka.###



Sa pangil ng OBL: Ang pagbabalikwas at paglaban ng mamamayang Mindoreňo

Buong kahambugang iwinawasiwas ng berdugong AFP sa mamamayan ang linyang "Win the hearts and minds of the people" *(Makuha ang isip at puso ng mamamayan)*. Ito ang nagmamaraling nilalaman ng Oplan Bantay Laya I at II; ang layuning lumpuhin ang lehitimo at armadong paglaban ng mamamayan sa porma man ng dahas o inasukalang bala—panlalansi at panloloko sa mamamayan.

Sa halos 11 taon ng pagpapatupad ng OBL I at II, ginawang laboratoryo ang Mindoro sa tahasang paglapastangan ng AFP sa karapatang-tao ng mamamayan. Taong 2001, sa ilalim ng pamumuno ni Col. Jovito Palparan (dating CO ng 204th Bde PA), naging masugid na tagapagpatupad ng kontra-insurhensya ang 204th IB PA para epektibong malumpo at tuluyang maubos ang mga rebolusyunaryo sa Mindoro. Sa purong militaristang *Shock and Terror Approach* ni Palparan walang inilibre sa kalupitan, mapasibilyang kasapi ng mga progresibong grupo o di kaya'y pinaghihinalaang sumusuporta sa NPA. Hinagupit rin ng teror ang mga katutubo na pinag-initan ng AFP. Ang dating bihag-ng-digmang (POW) si Maj. Noel Buan ay pinalaya noong Abril 2001 sa Brgy. Panaytayan, Mansalay, Or. Mindoro kung saan kalakhan ng mga residente ay Hanunuo Mangyan.

Binigyang katwiran ng AFP/PNP ang lansakang pagyurak sa karapatang-tao mula nang mapalaya si Buan, dahil ayon kay Col. Palparan (bilang emisaryo ng AFP) "maraming mga komunista at rebeldeng dapat sugpuin sa Mindoro." Sa Mindoro Oriental umabot sa 9 na batalyon ng pinagsanib na pwersa ng AFP/PNP ang idineploy mula 2001-2007. Maging mga kilalang personalidad sa ligal na mga organisasyon ay tinakot at binantaan ang buhay hanggang mapilitang umalis ng Mindoro kung di man pinatay. Di mapapantayan ang mga kaso ng pagmasaker, ektrahudisyal na pagpatay, pagdukot, pagmamanman, pagpapalikas at ang mismong pag-agaw sa karapatang makapamuhay nang mapayapa at malaya. Sa pag-iingay ng iba't ibang sektor para ipagtanggol ang kanilang karapatan. tinugis sila nang walang pag-iiba sa armadong target ng gobyerno. Kasabay nito mistulang lambat ang pagsalakay sa mga kabundukang bahagi ng Mindoro sa paniniwalang masasaid ang isda kapag iniga ang dagat-- ang masa. Pinalubha ang diskriminasyon at pagpapahirap sa mga katutubo. Bukod sa pinatigil ang mga tianggehan (pamilihan ng mga katutubo), malupit na sinaktan, sinunog ang mga kabahayan, ninakawan, at pinagpapatay ang ilang katutubo sa makahayop na pamamaraan. Ipinangangalandakan ng AFP na ang mga pinatay ay front ng CPP/NPA/NDF at magsilbing babala sa iba pa. Sa unang bahagi ng OBL, mayabang na ipinagmalaki ni Palparan sa midya ang teroristang pananalasa nito sa Mindoro. Nagsilbing taga-alo naman si Gen. Fernando Mesa sa kanyang *Prevention of Recovery Approach* sa mga mamamayang pinakitaan ng pangil ng militar. Matapos ang hagupit ni Palparan, si Mesa naman ang mamimigay ng "kendi" sa mga pinarusahang "bata".

Hindi malilimutan ang mga nagbuwis ng buhay at makahayop na pagpatay ng AFP/PNP kina Choy Napoles (BM Coordinator–MOR); Bong Ternida (KADAMAY-MOR); Eden Marcellana, Sec.Gen. (KARAPATAN-ST); Eddie Gumanoy, Sec. Gen. (KASAMA-TK); at mag-asawang Expedito at Manuela Albarillo at marami pang iba. Nakalikha ito ng teror at takot sa mamamayan. Pinakahuling pinatay sila Isaias Manano, Juvy Magsino at Leima Fortu, mga miyembro at aktibong kasapi ng Bayan Muna at ACT-MOR. Sa ganitong kaparaanan, pansamantalang nag-alinlangan ang mga mamamayan na magsalita para ihingi ng katarungan ang mga pinaslang. Nagsilikas din at nagkaroon ng Refugee Center sa Cavite noong 2001 para maprotektahan ang mga tinarget ng OBL sa Mindoro, mga pamilya nila at mga saksi sa karumal-dumal na krimen ng mga hayok sa dugong 204th Bde .

Ang paglaban ng mamamayan sa bulok na lalong pinabulok na OBL 2

Kahiya-hiyang inamin ng AFP/PNP na bigo sila sa layuning madurog ang rebolusyunaryong kilusan sa pambansang saklaw sa kabila ng mala-henosidyong kampanyang kontra Komunista kaya ipinagpatuloy nila ang kabaliwan sa OBL II. Gayunman, kahit idineklarang bigo ang OBL, hindi mumunti ang nalikha nitong pinsala sa mga rebolusyonaryong kilusan at masa. Matapos ang inaakalang pananahimik ng mga rebolusyunaryo, nagitla ang APF sa mga taktikal na opensiba ng NPA na ipinamarali nilang bebente na lamang at sa patuloy na militanteng pagkilos ng mamamayan laban sa kahayupan ng AFP/PNP/CAFGU/CVO. Nilagom at hinalawan ng makabuluhang aral ang mapait na yugtong ito upang muling magpalakas.

Mula ng mahalawan ng aral ang naunang pagpapatupad ng OBL, nagsibing itong hamon upang higit pang magpahigpit ng ugnayan ang Partido/Hukbo at masa. Tuloy-tuloy ang masiglang gawaing masa sa anyo ng propaganda, pagtataguyod ng rebolusyonaryong kultura, gawaing medikal, arbitrasyon, at paglahok sa produksyon. Sabayang ipinatutupad ito ng mga rebolusyonaryo sa paglulunsad ng Rebolusyong Agraryo at mga programa sa pagpapaunlad ng kabuhayan at pagtatayo ng mga samahan at pagkokonsonlida sa baseng masa sa isla. Ipinaramdam sa mamamayan na hindi magagapi ng kahit anupamang OPLAN ang makatarungang hangarin ng pambansa demokratikong kilusan. ###



Labanan sa Sangay, isang sundalo patay, dalawa sugatan

Isang ang patay at di bababa sa dalawa ang na sugatan sa labanan sa pagitan ng isang tim ng Lucio de Guzman Command-NPA at isang platun ng 80th IB sa Sityo Sangay, Brgy. Monteclaro, San Jose, MOC noong Pebrero 3, 2011. Bandang alas-onse ng tanghali nang pagbabarilin ng mga pasistang tropa ang tatlong NPA na nagkakape sa isang kubo. Agad na nakaganti ng putok ang isnayper tim na nakahimpil sa di kalayuan para payungan ang mga NPA na kinukubkob. Ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma mula sa kubo nang walang kaswalti. Mahusay na nakapagmaniobra ang mga Pulang mandirigma hanggang makakalas. Tumagal nang tatlong minuto ang labanan na nag-iwan ng tatlong kumpirmadong kaswalti sa hanay ng kaaway. Nagagawaing masa ang mga Pulang mandirigma nang magpanagpo sila ng mga nag-ooperasyong militar.

Matapos ang labanan iniulat ng masa ang ginawang pananakit ng mga katuwang na tropa mula sa parehong yunit militar. Samantala, isa sa mga napahiwalay na sundalo mula sa yunit na nakasagupa ng NPA ang nagmakaawa sa mga masang huwag daw isusuplong sa mga Pulang mandirigma. Napilitang magsilikas ang komunidad ng Buhid Mangyan sa Sangay sa takot na sila ang pagbalingan ng galit ng mga militar. Ipinagbawal na din ng mga sundalo ang tianggehan sa mga sityo sa interyor na bahagi ng isla. Mula pa Enero ng taong ito ang laking-batalyong operasyon sa dalawang probinsya ng Mindoro.###

Isang sibilyan, patay sa paglabag ng 80th IB sa tigil-putukan

Isang sibilyan ang napaslang sa opensibang atakeng inilunsad ng mga elemento ng 80th IB sa Sitio Upper Balading, Barangay Bayutbot, San Jose, Occidental Mindoro noong Disyembre 23, 2010 habang umiiral ang *unilateral ceasefire* na idineklara ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GPH).

Si Stephen Lester Barrientos, 19, isang manggagawang pangkultura at kasapi ng Southern Tagalog Cultural Network (STCN), ay nagtamo ng dalawang tama ng bala sa kaliwang balikat at kanang bahagi ng dibdib. Ayon sa mga nakasaksi maghahatinggabi nang biglang umatake ang humigit-kumulang 30 militar at namaril sa tinutuluyang kubo ni Barrientos.

Natagpuan ng kanyang mga kaanak ang mga labi ni Barrientos noong Disyembre 26. Gayunpaman, hindi naging madali para sa mga kaanak at mga kaibigan ni Barrientos ang paghahatid nito sa huling hantungan. Maging sila ay biktima ng pananakot ng mga militar ng mga militar ayon sa pahayag ng Anakbayan-TK.

Sa pahayag ng AFP, pinaratangan si Barrientos na kasapi ng NPA Inilabas din nila sa midya na siya ay napaslang sa isang ambus.###



Malalang paglabag ng 80th IB sa karapatang-tao sa unang arangkada ng Oplan Bayanihan

Ekstrahudisyal na pamamaslang

Dalawang sibilyan ang pinatay ng mga nakamotorsiklong militar sa Brgy. Limlim, Rizal, MOC alas-otso ng gabi ng Enero 24, 2010. Ilang araw nang nag-ooperasyon ang 80th IB sa lugar nang pagbabarilin ang magsasakang si Ude dela Cruz at ang kanyang 12 anyos na anak sa tapat ng kanilang bahay. Bago naganap ito iniuugnay ng mga berdugo si dela Cruz sa NPA. Ilang buwan na ring naglulunsad ng RSOT ang mga militar sa kalapit na baranggay ng Manoot sa nasabi ring bayan.

Panggagahasa

Halos kasabay ng insidenteng ito ang paggapos at panggagahasa ng mga kalalakihang nakabonet sa isang dalaga. Kinumpirma ito ng ilang mga saksi at kinilala ang mga salarin na mga elemento ng Army at CAFGU. Limang daang metro lamang ang layo ng tropa ng kaaway nang maganap ang insidente sa parehong baranggay. Pinagbantaan din ang pamilya ng biktima na sila na ang isusunod.

Kalaswaan

Nagrereklamo din ang mga mamamayan ng Monteclaro, San Jose, MOC dahil sa pagpapapanood ng mga malalaswang sine sa kanila. Ayon sa isang kabataan, isinabay ang sapilitang pagpanood ng pornograpiya sa pagkuha ng sedula ng mga katutubo. Halos isang libo, kalakhan ay kabataang babae at lalakeng katutubo ang pinakitaan ng ganitong klase ng kabastusan mula sa mga militar na nagpapanggap na ”maginoo” habang nag-ooperasyon sa tabing ng pagsasagawa ng *peace and development efforts*.###

Ang SWAG na nanunuwag



Ang Special Warfare Group (SWAG) ay isang lihim na pangkat ng mga ispesyal na tropa ng AFP na itinatalaga sa mga sonang gerilya. Nagpapanggap silang yunit ng NPA (pananamit, kilos, pananalita at mga aktibidad) upang linlangin ang mamamayan sa ultimong hangarin na hanapin at durugin ang yunit ng NPA at wasakin ang baseng suporta nito. Ang SWAG ay lihim na pumapasok sa mga sonang gerilya at ginagamit ng kaaway para tukuyin ang mga namumunong elemento at aktibista sa mga baryo, maniktik sa mga yunit ng NPA para sa kagyat na pagbira o di kaya'y kasunod na pag-atake, at magsagawa ng mga aksyong anti-masa na ibi- bintang sa NPA. Ang yunit ng SWAG ay maaaring nakahiwalay na yunit o bahagi ng isang mas malaking yunit panagupa ng militar kaya bahagi din ito ng tatlong komponente ng operasyon nila- ang intel, kombat at CMO/RSOT.

Ang SWAG ay inumpisahang gamitin sa Timog Katagalugan at Gitnang Luzon at ipinapalaganap sa iba pang rehiyon. Sa Mindoro, may ilan nang karanasan sa pambubulabog, panlilinlang at pananabotaheng aktibidad ng mga SWAG. Ilan sa karanasang ito ay ang naganap noong Agosto 2010 sa mga liblib na sityo ng San Jose, Occidental Mindoro. Habang may nag-ooperasyong tropang militar, may isang grupo na nagpangggap na mga NPA at hinahanap sa mga masa ang diumano'y ipinatago nilang baril. Noong 2009 sa isang sityo ng mga katutubo sa Mansalay, Oriental Mindoro, isang matandang Hanunuo Mangyan ang napagpanggapan ng militar na sila ay mga Kasama. Naikwento ng matanda kung sino ang susing masa ng NPA sa kanilang sityo. Ipinatawag ng mga nagpapanggap ang nasabing masa at pagdating niya ay agad na pinosasan at itinali sa isang puno. Mabuti na lamang maliit lang ang puno kaya nagawa niyang makawala sa pagkakatali at tumakas.

Isa pang insidente ay naganap naman sa Paluan, Occidental Mindoro noong Marso, 2009 kung saan nagpanggap na NPA ang 20-kataong yunit ng militar at diumano'y hinahanap nila ang kanilang mga kasama dahil sila ay napalaban. Nang panahong ito ay katatapos lang labanan sa pagitan ng NPA at ng mga militar sa Sablayan. Napaniwala ng mga SWAG ang masa na sila nga ang mga napalabang Kasama at naituga niya ang pwesto ng isang malapit na yunit ng NPA. Nagresulta ito sa depensibang labanan ng mga kasama, mabuti na lamang at walang kaswalti sa panig ng mga Kasama. Habang sinusulat ito, isang alyado ang nagtext at itinatanong kung may kasama sa malapit nila dahil may walokataong tim ng armaduhan na nagpapakilalang mga NPA ang dumaan sa kanyang palaisdaan at nanghihingi ng pera. Malayo ang yunit NPA sa lugar sa panahong ito.

Nagsasama ng mga babae sa kanilang tropa ang SWAG, nakikipagkamay, nagpopropaganda, magalang kung magsalita para mapaniwala ang mga masa na sila ay totoong kasama. kaya kung hindi magiging maingat at mapagmatyag, kapahamakan sa mga masa at kasama ang idudulot ng operasyon ng mga SWAG. Ngunit kapag ang mga masa ay sanay at matagal nang kasalumuha ng NPA, mas madali itong mailalantad at mabibigo.

Ang SWAG ay dapat ilantad sa publiko at sa ating baseng masa. Kailangang gumawa ng mga kontrahakbang upang di malinlang ang masa at pwersa. Maaaring pagkasunduan ang kontra senyas, koda sa masa at pagpapalakas ng kilusang pagsisikreto at paglilihim sa hanay ng masa.

Para sa mga yunit ng NPA, ang maliliit at nakahiwalay na yunit ng SWAG ay dapat ilantad at maging target ng ating aksyong gerilya upang mapigilan ang pagpinsala nito sa ating baseng masa. Mga kasama, laging alalahaning nanunuwag ang SWAG. Kaya atin silang kilalanin, ilantad, at biguin! ###

Bunutin ang kasabang mapait!

Naghihintay ng bwelo ngayon sa bayan ng Rizal, MOC ang pagpapatanim ng kasaba ng pamilyang Cojuangco. Habang ginagapang ng mga ahente ng San Miguel Corporation (SMC), ang korporasyong pagmamay-ari ng malaking panginoong-may-lupa-kumprador na si Danding Cojuangco, ipinaloob din ni Gob. Nene Ramirez-Sato sa kanyang "programang pangkaunlaran" para sa masang magbubukid ang pagpapalit-tanim. Sa katunayan, bumisita pa ito sa Brgy. Manoot noong maagang bahagi ng Disyembre , 2010 para lamang hikayatin ang mga maralitang magsasaka na pumaloob na sa mapagsamantalang iskema ng pagtatanim ng kasaba. Nagpapanggap na hulog ng langit ang sabwatang SMC-Sato sa mga magsasaka sa pag-aalok ng "himala" ng biglang yaman oras na kumagat sa proyekto ang mga magsasakang lubog sa krisis.



Isang negosyo, hindi kawang-gawa ang proyektong pagpapatanim ng kasaba. Mabulaklak na panggangyak lamang ang ipinapangako nilang biglang yaman sa kasaba. Ipinagmamalaki ng mga ahente ng SMC na malaki ang itataas ng kita ng magsasaka kung hybrid na kasaba ang itatanim sa halip na palay o gulay. Ayon sa isang katutubong magsasaka, inaalok daw sila ng libreng binhi, abono, pestisidyo, kalabaw at alawans o sweldo pa habang di pa inaani ang kasaba. Masyadong maganda ito para maging totoo. Katulad ng dati nang karanasan ng mga magsasaka, itinali sila ng kontrata sa mapagsamantalang relasyon sa bilihan at bentahan. Higit pang pagkakalubog sa utang at gutom ang dinanas ng mga magsasaka.

Hindi na rin bago ang proyektong ito sa Mindoro. Sa dulong timog ng isla—sa mga barangay ng San Jose, Magsaysay at Bulalacao, sing-aga pa ng 1980's sa panahon ni Marcos ay malawak na lupain ang ginawang taniman ng kasaba ngunit noong marami na silang naitanim, ibinagsak ang presyo nito at nagdagdag pa ng kung anu-anong rekisiitos bago ito bilhin ng kumpanya tulad ng klase ng pagtutuyo, kalidad ng tuyong produkto, atbp. hanggang sa nagkalugi-lugi ang mga magsasaka. Di naman maaaring kainin ng mga magsasaka ang hybrid na kasaba dahil sa ito'y mapait at nakakahilo. At sa mga katutubong Iraya sa hilagang bahagi ng Mindoro naman ay matagal na itong nailantad noon pang taong 2008 bilang dagdag na pasakit sa kanila at lalong nagbaon sa kanila sa pagkakautang bukod pa sa pagkasira ng kanilang ekonomyang nakasasapat-sa-sarili.

Monopolyo ang katangian ng produksyon ng hybrid na kasaba. Tanging ang SMC lamang ang pwedeng makabili sa presyong sila rin ang magtatakda. Hindi ito katulad ng *native* na kasaba na maaaring kainin ng tao. Sadyang ginawa ito para sa pangangailangan ng industriya, kaya kargado ng gamot at kemikal. Lugi ang magsasaka sa trabaho at bentahan. Sa isang artikulo sa *Ang Bayan* noong Nob. 7, 2010: "Ang mga naaning kasaba ay kailangang hiwa-hiwain ng mga nagtanim. Dahil matigas at makati ang mga kasaba, kailangang ipa-*thresher* ito na pagkakagastusan din ng magsasaka. Ibibilad nila, isasako, at dadalhin sa bodega. At gaya ng dating mapagsamantalang kaayusan, ang mga magsasaka ang bahala sa pamasahe ng mga produkto. Bibilhin ito ng mga komersyante sa halagang P6.00 hanggang P8.00 kada kilo; at gaya ng mais, depende iyan kung *good, dry,* o *reject.*" Ang mga bodega ay pagmamay-ari din ng mga komersyanteng pinagkakautangan ng binhi, abono, pestisidyo at maging gastos sa trabaho kaya't naoobliga din silang dito lang magbenta.

Itinulak ng pagkakalugi ng SMC sa pagpapatanim ng hybrid na mais ng Cargill ang proyektong ito. Bumagsak sa pandaigdigang pamilihan ang presyo bunga ng pagbaha ng labis-labis na suplay ng mais kaya bumaling naman ito sa kasaba. Bukod sa ginagamit ang prinosesong kasaba sa mga produktong pagkain, alak at pakain sa hayop, malaki rin ang interes ng mga lokal at dayuhang mamumuhunan sa malaking potensyal nitong mapagkunan ng *bio diesel*. Subalit kailangang malawakan ang pagtatanim ng kasaba para maging realidad ang ambisyosong plano ng mga kapitalista.

Para sa mga magsasaka sa Mindoro, napakahalaga ng limitadong lupang natatamnan nila at dapat lamang gamitin para sa pagtatanim ng pagkain para sa pamilya at sa bayan. Hindi kalutasan ang iskemang palit-tanim (crop conversion) mula pagkain sa mga produktong pangkomersyo man o industriyal sa suliranin ng mga magsasaka at katutubong mangyan ng Mindoro—bagkus, magiging dahilan na naman ng pagkabaon nila sa utang at isa na naman itong paraan at daan para sa pangangamkam ng lupain ng mga Mindoreno para sa iba pang gamit tulad ng pagpasok ng mga minahan, trosohan na dapat ilantad at labanan.###

"Mindoro Nickel Tungo sa Industriyalisasyon?" Bigong Pangarap, Malabo ang Hinaharap.

Ang Mindoro Nickel Project ay isa sa prayoridad na pagmimina dito sa ating bansa. Nagsimula noong dekada 90, isa ito sa mga proyektong pagmimina na ibinukas ng gubyerno alinsunod sa patakarang globalisasyon, pribatisasyon at denasyunalisasyon – dikta ng dayuhang kapitalista sa pagmimina at ng pandaidigang sistemang kapitalista.

Ang pagmimina ng nickel at cobalt, mga metal na mineral ay matatagpuan sa 11,216 ektaryang lawak na operasyon ng Intex Resources Philippines Incorporated (Intex) sa Isla ng Mindoro. Isa ito sa itinuturing na suhay at magpapanibagong sigla sa naghihingalong industriya sa mina. Ayon sa Pangulo ng Pilipinas ngayon at gaya rin ng mga nauna, ang dayuhang kapitalista sa pagmimina ang mayor na sangkap ng industriya. Kapalit nito ang trabaho, serbisyo, pangangalaga sa kalikasan at kaunlaran. Tutungo na nga ba tayo sa industriyalisasyon? Kapag nag-full operation ang Intex, magkakatrabaho diumano ang malawak na mamamayan. Sa kakarampot na sweldo at saglit na trabaho, kapalit ay matagalang perwisyo.

Binuo ang Intex noong 1997, ayon sa inang kumpanyang Intex Resources ASA (Norway). Bunga ito ng iskemang pagpapalit ng pangalan. Militanteng tinuligsa at tinutulan ng mamamayan ang Mindex Resources Development Incorporated (Mindex), subsidiaryo ng Mindex ASA (Norway) na nagsanib sa Crew Development Corporation.

Ang Mindex na may 9,730 ektaryang aplikasyon sa pagmimina ng nickel at cobalt sa Sablayan, Mindoro Occidental at bahagi ng Victoria, Mindoro Oriental. Matapos ang mariing pagbatikos at malawakang kilos-protesta ng mamamayan ay nagbuo pa ng maraming "maliliit" na kumpanya na ngayon ay may operasyon sa ilalim ng Mineral Production Sharing Agreement (MPSA). Halimbawa nito ang dalawang kumpanyang Alag-ag Mining Corporation at Aglubang Mining Corporation na may lawak ng pagmimina ng nickel at cobalt na 3,376 ektarya at 4,536 ektarya, ayon sa pagkakasunod, sa Barangay Pag-asa, Sablayan, Mindoro Occidental. Bukod pa rito, kasosyo nito ang Rich Mining Corp. sa pagmimina ng ginto ng Scadinavian Explorations sa 13,527 ektaryang lawak sa Looc, sakop ng isla ng Lubang, Mindoro Occidental.

Mula pa 1999 nang magkaroon ng kwestyunableng pagkakasundo ng lokal na pamahalaan at ng kumpanya, naisagawa ang pre-scoping, scoping at na bigyan ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) ng Environmental Compliance Certificate (ECC). Bagama't sinuspinde ang ECC noong panahon ni Heherson Alvarez (noo'y Sec ng DENR), muling binigyan ito ng ECC noong Oktubre 4, 2009. Lalong lumawak sa 11,216 ektarya ang binigyan ng ECC ng Intex na sa katunayan ay sumasakop maging sa watershed area ng lugar. Lalong tumingkad kung totoong nais nilang protektahan ang kapaligiran o ang supertubong kikitain sa mina.

Trabaho?

Sa panimulang operasyon pa lamang ng kumpanya ng may taunang badyet sa operasyon, 35 lamang ang regular staff, samantalang 400 ang kotraktwal at field personnel. Sa target nilang operasyon sa 2012, inaasahang 2,500 ang magiging manggagawa sa panahon ng konstruksyon subalit 1000 lamang kapag full operation. Patunay na napipintong suliranin ng mga manggagawa ang 60% tanggalan, kawalang kasiguraduhan sa trabaho, di makataong kalagayan sa paggawa, pagsikil sa mga demokratikong karapatan lalo na ang pag-uunyon, bukod sa mababang pasahod at benepisyo. Kahit na maging "galante?!" sa full operation ang Intex na magpasahod ng P1000 kada araw, 2.6% lamang ito kumpara sa P12 bilyon o USD 30 M taunang kita ng kumpanya.

Sa pambansang saklaw, 141,000 ang inempleyong manggagawa sa minahan noong 2006. Nadagdagan lamang ito ng 8,000 o 0.4 porsyento nang sinundang taon. Sa iskema ng Intex mas malaking bilang ang inaasahang pampalubag loob na trabaho sa ilang panahon. Mas malawak ang aalisin sa trabaho matapos ang konstruksyon, bukod pa sa barat na sahod ng manggagawa kapalit ng super tubo, transfer pricing at total remittance of profits. Ang mga manggagawa ang tunay na sangkap sa pagpapaunlad ng industriya ng mina hindi ang mga dayuhang kumpanya.

Upang maakit ang mga dayuhang kumpanya sa pagmimina, isinabatas ang Mining Act of 1995 at pinababa ng gubyerno ang excise tax mula 5% tungong 2%, habang pinahaba ang tax holiday ng 10 taon mula sa dating lima. Noong 2006, umabot sa P5M kada taon ang nalikom na excise tax ng kumpanya (bayad ng kumpanya sa mina) kumpara sa P114 bilyon kada taong kaltas sa kita bilang tax deduction mula sa kita o sahod ng mga manggagawa. Samantalang P72.5 bilyon ang netong kita ng mga kumpanya sa mina noong taong iyon, 134 porsyentong mas mataas noong 2004. Kung gayon, ang pagpasok ba ng mga dayuhang kumpanya sa pagmimina ang magsasalba ng naghihingalong industriya ng mina sa bansa?

Sundan sa pahina 11

Mina...mula pahina 10

Kaunlaran para kanino?

Bago pa ang Mining Act of 1995 at Mindoro Nickel Project, naghihikahos at dumaranas na ng kawalan ng lupa ang mga pamilya ng magsasaka, manggagawa at katutubo sa Isla. Kung mag-full operation na ang Intex, magkakaroon ba ng tunay na kaunlaran ang Mindorenyo? May mahalaga at masaklap na aral tayong makukuha sa karanasan ng Cordillera.

Bagama't nasa Cordillera ang lima sa 24 na prayoridad sa mina ng ginto sa bansa hindi pa rin maunlad ang mamamayan nito. Umabot na sa isang siglong nagmimina ng ginto at tanso, pero narito pa rin ang pinakamalaking reserbang metal. Nagsimulang magmina sa Cordillera ang Benguet Corporation noong 1902, samantalang, ang Lepanto Consolidatend Mining Corporation noong 1930. Mula sa 1,533,599 ektaryang kagubatan na nauwi lamang ngayon sa 665,603 ektarya. Inabot na ng mina maging ang Central Forest Reserve, protektadong erya.

Natulungan bang iangat ang kabuhayan ng mamamayan?

Hindi. Ang Cordillera ang ika-lima sa pinakamahirap na rehiyon sa bansa. Hindi na nga natulungang mapaunlad ang kabuhayan ng iba't ibang tribu at pamayanan, nilason pa ng Lepanto ang Ilog Abra hanggang China Sea at kamakailan ay nagtapon pa ng nakakakanser na asbestos sa Sapid, Mankayan, Benguet. Ang lalong masaklap, ang Pilipinas ay hindi kabilang sa 2004 Declaration on Asbestos, Beijing at sa kasunduan ng mga bansa na nagbabawal sa paggamit at iresponsableng pagtatapon ng basurang asbestos na napatunayang nagdudulot ng sakit na kanser sa baga, asbestosis at mesotalioma (isang tipo ng tumor).

Sino ang tunay na uunlad?

Tanging ang Intex at hindi ang mamamayan ang uunlad. Inaasahang makakakuha ang Intex ng 40,000 toneladang nickel kada taon, 3.000 toneladang cobalt kada taon, at 130,000 toneladang ammonium sulphate (abono) kada taon bukod pa ang mga kahoy at troso dahil sa kanilang timber rights. Mula sa P26 bilyon kapital, taunang gastos na P2.8 bilyon, tinataya nilang kikita ang Intex ng P12 bilyon kada taon, samantalang kakarampot ang mapupunta sa sahod at benepisyo ng mga manggagawa.

Malilipat ba ang teknolohiya sa Pilipinas o mga Pilipino?

Hindi. Sa operasyon ng Intex, ang malilikhang nickel at cobalt ay di pa repinado, samakatwid semi-processed. Ang pagrerepina ay gagawin pa rin sa labas ng bansa para magamit at maging "super alloy" (maihahalo ng lubos sa iba't ibang metal). Ang tanging proseso na isasagawa sa ating bansa ay ang pagmimina, panimulang pagrerepina. Dito gaganapin ang pinakamahirap na trabahong pagmimina, pinakadelikado sa kalusugan ng mga manggagawa at mamamayan, at pinakamarumi para sa kapaligiran sa napakamurang halaga ng lakas-paggawang Pilipino, sa napakalaking tubo. Ayon din ito sa iskemang 1-2-3 ng mga dayuhang kumpanya, isang lakas tauhan na may dalawang ulit na produktibong kakayahan at tripleng kita o higit pa.

Mapapangalagaan ba ng Intex ang kalikasan?

Mapangwasak sa kalikasan ang strip mining, ang paggamit ng HPAL (High Pressure Acid Leach) at ang Offshore Deep Sea (Marine) Tailings Disposal.

Sa paraang HPAL o leaching technology, ang putik o "slurry" mula sa giniling na bato at lupa ay hinahaluan ng sulphuric acid upang ihiwalay ang nickel at cobalt. Hindi ito garantisadong pamamaraan para mawala o maalis ang iba pang heavy metals na naririto gaya ng chromite, manganese at iba pang kemikal na nalilikha bunga ng reaksyon ng iba't ibang kemikal sa paghalo ng oksiheno (Oxygen) o oxidation. Madaling makakuha ng suplay ng sulphur (asupre) para sa Intex dahil sa kanilang interes sa pagmimina nito sa isla ng Negros na kalapit lamang ng isla ng Mindoro. Samantala, ang gagawin nilang diumano'y "nyuralisasyon" ng slurry matapos makuha ang nickel at cobalt ay ang paglalagay ng lime o apog. Tutugunan na ito ng nalalapit na pagbubukas ng mina ng apog ng General Cement Corporation sa Brgy. Alibog, Magsaysay. Samakatwid, malaki ang matitipid nila sa kinakailangang apog dahil nasa Mindoro na ito.

Bakit pinayagan ang Submarine Tailings Disposal (STD)? Umiiwas ang Intex sa terminong Submarine Tailings Disposal para sa kanilang proseso ng pagtatapon ng basura, ayon sa rekomendasyon ng pag-aaral hinggil sa environmental tailings disposal ng Dames and Moore (Australia). Sa proseso ng STD, ang basura ng mina na hinaluan ng apog ay itatapon sa apat na kilometrong pagitan ng Mindoro at Tablas Strait (Romblon) na may lalim na 200 metro. Hindi daw nito maapektuhan ang mga buhay sa dagat pero pinasubalian ito ng mga syentipiko. Hindi rin isinaalang-alang na ang karagatang ito ay daanan ng migrasyon ng mga isdang tulad ng tuna at gulyasan mula sa karagatang Pasipiko patungong Dagat Timog Tsina. Ang pagtawag ng Intex ng Deep Sea Tailings Disposal sa kanilang proseso ng pagtatapon ng basura sa halip na STD ay mahigpit na tinutulan ng mga organisasyong maka-kalikasan. Mahigpit na tinututulan ang STD sa US at Canada.

Sundan sa pahina 12



Mina...mula pahina 11

Kasing aga pa ng 1997, ang Placer Dome (Canada) na pangunahing may interes sa pagmimina ng ginto at tanso ng Marcopper sa Marinduque ay nag-aplay ng permiso para sa STD sa DENR para sa pagtatapon ng basura sa ilog ng Boac. Noong Oktubre 30, 1997 ibinasura ito ni Victor Ramos, kalihim ng DENR upang iligtas ang Tablas Strait. Subalit noong Marso 23, 1998 pinayagan ng DENR ang Environmental Impact Assessment (EIA). Sa ikalawang pagkakataon nagpetisyon muli ang Placer Dome subalit tinanggihan ito sa batayan ng social unacceptability. Anuman ang termino, magkatulad naman ang proseso at masamang epekto. Samakatwid, di dapat payagan ang pagtatapon ng basura dahil lamang sa pagpapalit ng pangalang Offshore deep Sea Tailings Placement. Anuman ang pangalan, di nito malilinis ang kapaligiran. Bakit ito papayagan ng estado? Ang pagtatapong ito ay tahasang tinututulan ng mamamayan.

<u>Ang mamamayan ng isla ay tutol sa pagpasok ng kumpanya sa mina</u>

Mula pa noong 1986, mariing tinutulan ng mga mamamayan ng isla, kabilang na ang mga pamayanang katutubo sa pagpasok ng mga kumpanya ng pagmimina at umabot sa 5,000 mamamayan ang nagprotesta laban sa pagmimina ng carbon ng FFCruz sa Cambunang, Bulalacao, MOR. Nagpatuloy ito hanggang 1993 nang magkaroon ng malawakang pagkilos ng mamamayan upang tutulan ang pagmimina ng chromite ng Minchrome sa boundary ng Sablayan at Sta. Cruz. Lalong sumigla at naging malawakan ang pagtutol sa mina nang isabatas ang Mining Act of 1995. nakapagbuo ng mga pamprobinsyang alyansa laban sa mina tula ng ALAMIN at SAMAKAMI Samahang Magsasaka ng Kanlurang Mindoro at Sta. Cruz Laban sa Pagmimina sa Isla. Naglunsad ng mga kampanyang edukasyon, serye ng Environmental Investigation Missions lalo't nagsisimula na ang aplikasyon ng Mindex (na ngayon ay Intex) para sa pagmimina ng nickel at cobalt. Taong 1999 nang mabuo ang malapad na alyansang Kalas-Pagmimina (Kampanya Laban sa Mapangwasak na Pagmimina) at naglunsad ng mga talakayan, petisyon, piket-rali at pagpapahayag sa mga istasyon ng radio at telebisyon.

"...hindi ...malinaw kung aplikable...sa mga kumpanyang mayroon nang nakahaing aplikasyon ng operasyon ng mina lalo na ang pagpapatigil sa pagmimina at operasyon ng Intex...Ang diumano'y kaisahan ng mga sundalo, Gob. Arnan C. Panaligan (MOR), Gob. Nene Ramirez-Sato (MOC), Mayor ng Abra de Ilog, Mayor ng bayan ng Sta. Cruz, Sangguniang Panlunsod ng Calapan, Pamahalaang Bayan ng Victoria at ni Bishop Warlito Cajandig bilang kinatawan ng CSO ay nahaharap ngayon sa mamamayan ng isla kung seryoso nilang tutuparin ang kanilang kasunduan."

Upang makaiwas sa lubusang pagkakahiwalay sa malawak na mamamayan, nagsimula ang sabwatang LGU-CSO sa pamamagitan ng repormistang tindig sa mina. Noong 2009, naglunsad ng dalawang araw na kumperensya ang LGU-CSO hinggil sa pansamantalang pagpapatigil sa mina (Conference on Mining Moratorium) sa Lunsod ng Calapan. Layunin nitong magkaroon ng pagpapaliban ng pagmimina sa loob ng 25 taon. Pero hindi ito malinaw kung aplikable ito sa mga kumpanyang mayroon nang nakahaing aplikasyon ng operasyon ng mina lalo na ang pagpapatigil sa pagmimina at operasyon ng Intex, bagamat nagkakaisa sa pagtutol ang mga lokal na gobyerno ng dalawang probinsya sa balaking pagmimina sa isla, pagbabalangkas ng pangkalahatang plano para sa pagsusulong ng laban sa pagmimina, pagpapasa at pagpapatupad ng mining moratorium at pagsampa ng kaukulang kaso sa mga



nagsusulong ng mina sa Mindoro. Ang diumano'y kaisahan ng mga sundalo, Gob. Arnan C. Panaligan (MOR), Gob. Nene Ramirez-Sato (MOC), Mayor ng Abra de Ilog, Mayor ng bayan ng Sta. Cruz, Sangguniang Panlunsod ng Calapan, Pamahalaang Bayan ng Victoria at ni Bishop Warlito Cajandig bilang kinatawan ng CSO ay nahaharap ngayon sa mamamayan ng isla kung seryoso nilang tutuparin ang kanilang kasunduan.

Sa kabuuan nananatili pa rin ang mga katanungan. Maiindustriyalisa ba ang isla dahil sa pagpasok ng operasyon ng Intex? Magbibigay ba ng trabaho? Magbibigay ba ng tunay na kaunlaran? Mapapangalagaan ba ang kalikasan at kapaligiran? Lahat ay mananatiling pangarap na gising hangga't walang kasagutan.###

AMBUS-LAKAD SA IKA-ANIM NG MARSO



"Narito kami-
Nagmamasid,nakikiramdam

Dinig namin ang mga yabag
Bawat kaluskos, maging paglapat
Ng nalalaglag na dahon sa lupang
Kasanib ng aming katawan!

Humahangos na papalapit sa mga Kasama si Olek—isa sa mga susing masa na inaasahan ng mga kasama hinggil sa ulat ng kaaway, sa paghahakot at pagbili ng mga suplay.

"Mga Kasama, ang mga kaaway dumaaan sa aming sityuhan. Pauwi sila ng bayan." Banaag sa mukha ni Olek ang kagustuhan na maparusahan ang mga kaaway.

Halos isang linggo na ang mga Kasama sa ikatlong pakatan subalit walang dumaan na kaaway. Kagyat na nagpulong ang kumand para pag-usapan ang iniulat ni Olek. Isang desisyon ang nabuo. Balikan ang Pakat Dos—sa tabi ng lumang kalsada. Malaki ang posibilidad na yun ang gamitin na ruta pabalik.

Tirik na ang haring araw ng umusad sa target na babalikan—ang Pakat Dos. Lalong tumagaktak ang pawis sa bigat at init ng kamuplaheng dahon. Binagtas ng mga Kasama ang mga dalisdisan na daan, ang ahon-lusong na tereyn. Matalas ang pakiramdam. Tiyak ang bawat bagsak ng mga paa. Kailangang maging bulag, bingi ang kaaway.

Hapon na maalinsangan nang dumating sa pakatan. Abala ang lahat sa pagsasaayos ng pupuwestuhan. Abala sa ihahandang pagkain hanggang kinabukasan. May kadalian nang ayusin ang lugar dahil halos buo pa ang mga dati nang ginawang paksol.

Gabi. Napakalamig ng gabi gaya ng dati nang unang pumakat ang mga Kasama. Hindi pa nagpapaalam ang hanging amihan. Inilatag ng mga Kasama ang sako at plastik sa lupa na magsisilbing higaan.

Maagang nakatulog ang mga Kasama sa tindi ng pagod sa paglalakad at pag-aayos ng pakatan. Ang iba ay hindi na nakakain ng hapunan.

Payapang lumipas ang gabing yaon.

Alas-kuwatro ng madaling araw. Isang mahinang boses ang maingat na nanggigising sa mga Kasama. "Mga Kasama gising na kayo!" si Ka Philip, ang Pulang kumander ng platun ng NPA. Marahang bumangon ang mga kasama sa atas ni Ka Phillip at agad na tinungo ang mga paksol. Sa di kalayuan sa tapat na bundok na pinapakatan ng mga Kasama, dinig ang ingay na tila nag-aabog ng nakawalang hayop.

Samantala, sa pwesto ng Kaloy, makaraan ang mahigit na tatlumpong minutong pagsubaybay sa mga ilaw habang nakaupo sa paksol, naramdaman ang mga yabag na paparating mula sa kabilang direksyon. Mabigat ang bawat hakbang. Malinaw ang bagsak ng kanilang mga paa kasabay ang habol hininga. Walang gamit na pangtanglaw. Bagamat madilim pa, sapat na ang hugis suklay na buwan para makilala ang mga "panauhin". Sa loob-loob ng mga Kasama, "Tama ang naging pagbasa ng kumand. Sila na ang matagal nang hinihintay."

Inihatid ng mga mata ang naturang mga "panauhin". Maingat na pinagmamasdan ang bawat galaw. Pinipigil ang paghinga. Humigpit ang hawak sa mga gatilyo. Matinding kaba ang sumasasal sa dibdib.

Nag-uunahan sa isip ni Ka Bong ang mga pangamba. "Nakikita rin kaya ito ng mga Kasama sa ibang pormasyon? Ang mga ilaw? Kaaway rin kaya? Dito ba sila magtatagpo? Hah! Napakaganda? Paano kung sa masa ang paparating na mga ilaw?" Kinapa-kapa ang radyo sa kanyang bulsa. Nagdalawang-isip. Tiyak na maririnig ng kaaway ang tunog. "Paano na?"

Ang unang pormasyon ng kaaway ay patungo sa maliit na salulo ng tubig sa tapat ng pormasyon ng primera ng Baking. Tumigil. Umupo sa gilid ng daan sa tapat ng segunda ng Baking at Kaloy ang dalawa pang iskwad. Kampante.

Nagliliwanag ang mga plaslayt ng tatlong masa. Lahat ay nakatutok sa daan. May hinahanap. Walang kamuwang-muwang na masasalubong nila ang kinatatakutan nilang nilalang.

Sundan sa pahina 14

Ambus...mula pahina 13

Isang mariing sitsit na nagmumula sa salulo ang narinig. “Pssst! Pssssst!” Sinambot ng amihan ang sitsit ng mga anino. Nagulat ang mga masa nang bakas ng kumbat shoes na ang kanilang natatanglawan imbis na bakas ng nawawalang kalabaw. Muling iginala ang ilaw. Kumintab ang sapatos. Unti-unti nilang itinaas ang kanilang hawak na plaslayt upang maaninag kung sino ang kanilang kaharap. Kumbat. Patig. Pawts. Armalayt. Kaaway!

“Kanina pa namin kayo tinatawag. “Bakit hindi kayo lumalapit?”, tanong ng opisyal ng sundalo.

Matagal bago nakasagot. Nabigla sa kaharap. “Eh! Sir! Wala po kaming narinig. Abala kami sa paghahanap ng bakas ng aming nawawalang kalabaw.”

“Ano ang mga pangalan ninyo? Taga-saan kayo?”, muling tanong ng sundalong opisyal, mas malakas at madiin. Hindi makasagot ang masa. Halos di maubos maisip kung bakit sa kalsada dumaan ang mga sundalo. Hindi niya ito inasahan. Ilang linggo na ang pang-iisnayp ng mga Kasama sa mga nag-ooperasyong sundalo sa lugar na ito. Alam din nyang nakatambang ang mga Kasama.

“Bakit hindi nagsasalita ‘yang dalawa mong kasama?”, inis na tanong muli ng opisyal. “Balita namin may kalaban kami diyan sa taas”, pahabol na tanong ng opisyal.

“Wala po kaming alam.” Sumagot siya sa pinakakalmadong paraang kaya niya. Naalala niya ang mga kasama. “Syut kayo sa timba”, bulong sa sarili ni Tatay Eling.

“May sinasabi ka ba?”, hirit ng sundalo. “Wala ho.”, sabat ni Tatay Eling.

Dinig ni Ka Vina, PI ng Platun, ang usapan. Hindi malinaw. Mas malakas ang hampas ng hangin sa mga bungarngar. Mga dalawang metro ang layo niya sa kalsada. Pinakinggan niyang mabuti. Kilala niya ang boses. Si Tatay Eling ang nagtataglay ng boses na iyon at hindi siya maaring magkamali.

Sinubukan niyang tawagin ang masa para mag-alam ng balita. “Tatay! Tatay Eling!” Hindi siya naririnig. Ibinabalik ng hangin ang kanyang mahinang tinig sa kanyang bibig.

Biglang lumapit ang isang kasama sa kanya. Sumenyas itong huwag lumikha ng ingay. Iminwestra ang magkabilang hintuturo sa kanyang noo. Nag-anyong sungay. Lalong lumakas ang kabog sa dibdib. Kaaway. Pero kay Tatay Eling ang boses na ‘yon! Tumingin nang may agam-agam. Waring naintindihan na ng kausap ang bumabagabag sa kanya. Lumapit ang Kasamang nagpaabot. Bumulong. “Hinihintay lang makalampas sina Eling.”


“Pakawalan na ang mga ‘yan. Baka abutan pa tayo ng liwanag sa daan.”, paalala ng mas nakatataas na opisyal, ang CO ng platun ng Army, si Tinyente Cornejo. “Sige umalis na kayo!”, utos ng opisyal.

Wala pang sampung segundong nakakalayo sina Tatay Eling mula sa huling pulutong ng kaaway, pumutok na ang hudyat ng opensiba. Pak! Brrraat! Kasunod ang bugso ng mga putok! Pak! Pak! Pak! Kablum! Nagsalimbayan ang putok ng mga armalite, M14 at masinggan. Halos ma- kabingi ang tatlumpong segundo ng walang patid na mga putok na mula sa unahan, kaliwa at likuran ng kaaway. Nagliwanag ang animnapung metrong kahabaan ng sumikong kalsadang inukit sa bundok. Tumigil ang putok. Lagatikan ng kasa ng baril. Muling bumugso. Pailan-ilang putok. Katahimikan.

Nagliliwanag na. May mga umuungol na sa kalsada!

“Sumuko na kayo!”, malakas na sigaw ni Ka Gina—IL ng Baking. “Hindi namin kayo papatayin! Gagamutin namin kayo!”, pangungumbinsi ni Ka Bong—IL ng Kaloy. “Ihagis ninyo ang inyong mga sandata!”, utos ni Ka Gabby—IL ng Abe.

“Sir! Sumuko na tayo! Mamatay tayo kapag hindi tayo sumuko. Di na namin kaya!”, samo ng isang sundalo sa kanyang opisyal. Patong-patong na katawan ng patay at sugatan ang tanging pinagkukublihan ngayon ng mga kaaway. “Suko na po kami! Tama na po!” Sa mga Kasama na pinaparinig ang kanyang pagsusumamo.



“Walang susuko! Allan, alooon! Allan, alooon!”, kumand ni Tinyente Cornejo. Pilit na pina-aasolt ang kanyang mga tauhan. Paisa-isa ang pamumutok. Wala nang gumalaw. Sa unang bugso ng putukan marami na ang namatay at nasugatan sa mga kaaway. Nagtakbuhan na ang ilan. Ang ilan pang natitira at walang sugat ay naghubad na ng uniporme.

“Sa tapat namin may sumuko na! Ingatang di matamaan!”, ulat ni Ka Vina. Bumaling sa direksyon ng tinig na pinanggalingan ng nagkukumand na opisyal ng mga sundalo. “Maawa ka sa mga tauhan mo! Sumuko ka na!”, tuluy-tuloy na pangungumbinsi sa opisyal.

“Huwag papuputukan ang mga sumuko! Isnayp-isnayp lang!”, paalala ni Ka Philip. Umasolt na ang Abe. Nakaplangka na sila ngayon sa kalsada. Pakbag at pamumutok ang koberan. Nakakuha na ng maraming sandata ang mga Kasama. Nakapag-parsyal klining na. Baril na mismo ng kaaway ang pinapuputok ng mga kasama. Panaka-naka pa rin ang ganting putok ng mga kaaway.

Sundan sa pahina 15

SA KAMAY NG KAAWAY*

Hangga't may nagsasamantalang uri, hangga't laya'y hindi pa nakakamit, mananatiling wasto ang makibaka. Sa pagpula ng landas, sama-samang mabibigo ang mga kaaway at taksil sa rebolusyon kasabay ng pagguho ng sistemang nakakiling sa mga mapagsamantala at mapang-api.

Lumilipas ang oras, tila ayaw nang buhayin ng pasistang militar ang kanyang bihag. Hindi iilang beses ang pagyurak sa karapatang-tao, matapos hulihin at pagbintangan ng kung anu-ano. Lahat na ng kaso ay ikinaso; kulang na lang ay pati pagpatay kay Rizal at Bonifacio.

Sa loob ng kampo, wala daw kara-karapatan; sila ang batas, sila lang ang malakas. Walang CARHRIHL, walang tamang proseso, walang abo-abogado. Ang kababaiha'y sukdulang pagsamantalahan, ang kalalakiha'y tuluy-tuloy na hinahagupit para umamin at magturo nang magturo. Hindi pinapatawad kahit oras na ng pagtulog; kahit ang pagkai'y sapilitan na tila ang kanilang isinusubo'y binalot ng lasong mag-uudyok na maging bahagi ng kanilang kabuktutan.

Ngunit walang anumang lason ang makakasira ng aking kalooban o makakapanlansi ng aking katinuan – ito man ay lasong tinuturok ang aking kahinaan. Sa kabila ng dilim dahil sa piring sa aking mga mata, lalong lumilinaw ang kabulukan ng sistema. Sa kabila ng mahigpit na gapos sa aking mga kamay, lalo akong hindi natinag sa kanilang kahayupan.

Hindi man makasalag sa kanilang bugbog at suntok, sapat na ang hindi nauupos na pag-asa sa kilusang masa para manatiling nakatindig at hindi sumuko. Sa kabila ng pag-ukilkil sa utak ng pinakamasahol na maaaring mangyari, pilit na pinanghahawakan ang sinumpaang prinsipyo. Gumagapang man ang makapanindig-balahibong pangunguryente at paghampas sa katawang pagal, ginuguhit pa rin sa ala-ala ang mga kasamang nag-alay na ng buhay sa dakilang pakikibaka. Nilalaro man ang utak ng mapanlinlang na mga alok at palamuting mga reporma, pinapatimo sa sarili ang paninindigang hindi kailanman magtataksil sa masang nagpatuloy, nagpakain at nagkanlong.

"Sayang ang buhay niyo," ang paulit-ulit na sinasambit ng mga berdugo. Ang sagot ko, "kayo ang kawawa, sunud-sunuran, tuta!" Sa tuwing ipipilit nilang kami'y manahimik, ang sagot ko'y "hindi kami katulad ninyo!" Dahil sila'y nabubuhay sa pagsisilbi sa mga kumakatas ng yaman ng bansa, ang buhay nila ay mas magaan kaysa sa isang balahibo. Ang mga kasama'y nabubuhay at namamatay dahil sa paglilingkod sa sambayanan. Batbat man ng sakripisyo, alam naming ang buhay nami'y higit na mabigat kaysa sa pinakamataas na bundok sa Mindoro.



Malupit, pasista, mersenaryo. Ganid, taksil, mapanlinlang. Ang mga kaaway ay nakikita sa iba't ibang porma (maaaring marahas o "mabait"), ngunit iisa lang sila sa esensya. Maaaring pigilan ang aking mga hininga ng kanilang kasanayan sa pagpatay o pinaunlad na taktikang say-war, ngunit hindi kailanman magagapi ang aking mapanlabang diwa.

Matapos ang mahabang interogasyon at tortyur na layuning igupo ang aking paninindigan, pinamanhid ng kaaway ang aking pakiramdam. Sa isang iglap, wala na ang sakit, ang hapdi ng sikmura o ang takot. Pinalitan na iyon ng tapang, at kahandaang harapin ang susunod na laban.

**para sa lahat ng mga Kasama at masang patuloy na naninindigan para sa rebolusyonaryong kilusan sa kabila ng pagkapiit, tortyur o pagbabanta mula sa kaaway*

Ambus ...mula pahina 14

Maya-maya pa'y nagsalimbayan na rin ang putok mula sa mga kalapit na sityo! Napapalaban na rin ang dalawa pang tim ng Pulang mandirigma. Syut sa bitag ang mga pasista. Lalong nabuhayan ng loob ang mga Kasama. Muling pinaputukan ng mga Kasama ang natitirang kaaway. PAK! PAK! PAK! BRRAATTATTT!

"Abe! Sugod! Baking, bugsuan ng putok! Kaloy, planka sa kanan!" boses ng Pulang kumander sa mga mandirigma.

"Ser! Sumuko na tayo! Tama na, ser! Susuko na kami!" Wala nang tinyenteng sumagot.

"Patay na ang opisyal nyo! Hindi na makakarating ang inaasahan nyong reimpors! Napaatras na sila! Sumuko na kayo! Hindi namin kayo papatayin! Ihagis ninyo ang inyong mga sandata!"

Isa-isang inihagis ng mga natitirang kaaway ang kanilang sandata sabay taas ng mga kamay. Kitang kita ng mga Kasama kung paano naging maamong tupa ang kaninang halimaw na hitsura. Inayos ng mga kasama ang mga patay na sundalo. Ihinelera sa kalsada. Ginamot ang mga sugatan. Kinausap. Pinaliwanagan. Hinimok na umalis na sa pagkasundalo.

Iniwan ng mga Kasama ang kalsada dala ang mga sandata at kagamitang nasamsam. Tinangay ng amihan ang alikabok at amoy ng pulburang nilikha ng mahigit tatlong oras na labanan. Singkad na ang haring araw. Nagpupugay sa tagumpay ng Pulang Hukbo. ***Wakas.***

FROM IPs EYES*:

We have been long deprived of our
rights –
by society that calls us all the same
human but left us dispossessed of
our own land;

we have been long discriminated against by
people akin with our blood that bleeds
over our toiling hands;

we have been long starving for food –
our very own produce that feed
the world;

we have been long shown prejudice
so painful
leaving us anguished
of our own culture;

we have been long like this
vain,
pathetic,
miserable,
uneducated,
incapable;

we have been long like this, yet,
struggling…

we have been long like this, yes,
strong,
full of potentials,
unified;



**and if anyone
rolls the thun-
ders over
our unadorned
dwellings;**

**we are one
with the people
that shall
move mountains
for what we
have been long
like
the rest of the
oppressed.**

*Wani, 11 May
2008*

Mula sa pananaw ng mga katutubo
***FROM IPs EYES**

Malaon na kaming pinagkaitan ng aming
karapatan –
ng lipunang tinuturing daw kaming pantay-pantay,
subalit ni sariling lupang binubungkal ay hindi sa
amin;
Malaon na kaming pinag-iba sa mga taong
tulad rin naming ang dugo'y
umaagos sa mapaglinang na mga kamay;
Matagal na kaming nagdarahop sa pagkain –
gayong ang sariling mga tanim
ang nagpapakain sa buong mundo;
Matagal na kaming nakakaranas ng paghusga
na napakasakit
iniwan kaming may hinanakit
sa sariling kultura;
Malaon nang kami ay ganito
nawawalan ng pag-asa,
nanghihina, nanlulumo,
kulang sa pinag-aralan,
kulang sa kaalaman.
Malaon na kaming ganito, gayunpaman,
ay nakikipaglaban…
Malaon na kaming ganito, oo,
malalakas,
puno ng kakayahan,
napagkakaisa;
**At kung mayroon mang
magpapagulong ng mga kulog
sa aming simpleng mga tahanan;
Ipapakita naming
kami ay kaisa ng mamamayang
magpapagalaw sa mga kabundukan**

**Sa malaon nang dahilang
kami ay tulad rin ng iba pang pinagsasamanta-
lahan.**

Kasamang Rowan

Ninais mong magpatin-anod puntang kalunsuran
Kasabay ng hanging amihan,
Subalit ang yebi na damdamin ay kayang tupukin
Ng masang naghihintay

Ninais mong laging kaulayaw ang dupugan
Habang nilulubid ang nakaraan
Upang maging sandigan ang kinabukasan

Ninais mong yakapin ang buwan sa ilalim ng araw
Subalit sapat na ang mga bituin
Sa gabing mapanglaw

Madalas kang kutyain ng ulan
Subalit ulan din pala
Ang hahaplos sa 'yong damdamin

Madalas kang mahuling nakatulala
Dahil nakakatulala ang iyong mga tula
At sa bandang huli kami ang natulala
Sa ulat ng 'yong pagkawala

Isang sumasagitsit na punglo ang
Tumagos sa 'yong katawan
Na kumitil sa natatanging buhay

Lumuha ang buwan; nagluksa ang mga bituin
Nagising ang gabi; naglamay ang araw

Kasamang Rowan.
Hindi kayang sukatin ang 'yong katapangan
Hindi kayang takalin ang kagitingan.

Dakilang kasama,
Ang 'yong ala-ala, nakapunla
Sa bawat kasama
Ang mga nasamsam na armas
Ay awit hanggang wakas!

**binigkas sa pulong parangal*
Abril 2010
Likhang tula ni Kasamang Aryo


Para kay Olip

Lumaki ka sa piling ng mga kasama
Taglay ang diwa ng MLKMZ
Lumaki ka sa piling ng masa
Taglay ang pangakong palayain sila
Tinahi mo ang silangan at kanluran
Ang hilaga at katimugan
Umaalingawgaw ang sandata
Ng matagalang digmang bayan

Ngunit isang araw…
Nasaklot ang paglaya
Itinarak ang balaraw
Ngumisi…
Ang mga halimaw

Walang namutawi sa mga labi
Na magpapagalak sa mga imbi
Binasag ang bungo, tumagos ang punglo
Kumulo ang dugo, kuyom ang kamao

Paalam! Humimlay ka
Sa aming kandungan
Paalam! Batang kumander
Ng sambayanan.



**binigkas sa pulong parangal para kina Ka Roque, Ka Mike at Ka Olip*
Hunyo 2010

Likhang tula ni Kasamang Aryo

Makaporma kaya laban sa kahirapan ang reporma ni P-Noy?

Sa pag-upo ni Noynoy Aquino sa pwesto noong 2010, ibinandera niya na ito na ang "gobyerno ng pagbabago". Ngunit lumilitaw na hindi ito radikal na pagbabago mula sa bulok na sistema kundi pansamantalang pantapal lamang sa lumalalang krisis ng lipunan.

Repormismo ang dinadalang pananaw ngayon ng mga nag-aastang "progresibo" tulad ng Akbayan kakumbina ang papet at reaksyunaryong gobyerno ni Aquino. Layunin nila ang magpasok ng reporma na lulutas diumano sa ilang "kakapusan sa pagpapatupad" at sa gayon ay "magtutuwid" sa sistema ng paggogobyerno. Ginagamit nila ang mga terminong "pagkakapantay-pantay", "demokrasya", o kahit pa "sosyalismo" subalit pinalalabnaw ang tunggalian ng mga uri sa lipunan. Ang nagdadala ng repormismo ay ang social democrats at iba pang mga organisasyong makikita sa akademya at NGOs na tumatanggi sa pangangailangan ng armadong pakikibaka. Karaniwang pamamaraan ng mga repormista ay tuntungan ang mga maliliit na isyung pangkabuhayan tulad ng serbisyo-sosyal, tubig, basura, paninirahan atbp. habang iniiwasan ang pagkomprontа sa mas pundamental na usaping panlipunan na dahilan ng mga nasabing problema. Sa proseso, nais iiwas ang mamamayan sa pagkamulat sa pinakaugat ng kanilang kalagayang sosyal at ekonomiko.

Nakikita ang repormismo sa ilang ipinatupad ni Aquino na pagbabawal sa wang-wang, paglilimos sa pamamagitan ng CCT-4Ps, pamamahagi ng materyales (pako, yero, kahoy) sa mga nasunugan o nademolis at iba pa. Sa pamamagitan halimbawa ng "kawanggawa" (tulad ng 4Ps), nag-aastang "marangal" ang gobyerno sa paglingap sa taong-bayan, gayong hindi naman sinasagot ang ugat ng kahirapan ng mamamayan. Itinuturing na katumbas ng pagbabago ang reporma, na sa esensya ay paglalayo sa mamamayan sa pagtahak sa tunay na pagbabago—ang pagrerebolusyon.

Sa barya-baryang limos sa tao, nililinlang ng mga repormista at nag-aastang progresibong gobyerno ang taong-bayan habang kinukubli ang patuloy na pagkontrol sa yaman at kapangyarihan. May kawang-gawa nga, pero ang lupa bang binubungkal ng magsasaka ay maituturing nang kanya? May 4Ps para daw sa mahihirap na pamilya ngunit ang sahod ng manggagawa ay sapat ba para makapamuhay nang marangal ang kanyang pamilya? May mga proyekto raw sa mga malalayong komunidad subalit bakit ang mahihirap nating kababayan tulad ng pambansang minorya ay nananatiling atrasado ang kultura, mababa ang antas ng edukasyon at pangangalagang pangkalusugan?



Hindi repormismo ang lulutas sa daang-taong tunggalian sa pagitan ng hindi mapagkakasundong interes ng naghaharing-uri at ng kanyang pinagsasamantalahan. Upang makamit ang tunay na reporma sa lupa, sapat na sahod at mga serbisyong panlipunan, kinakailangang makipaglaban para sa mga karapatan at isulong ang rebolusyong babago sa buong sistema ng lipunan. Ang *demokratikong rebolusyong bayan* na isinusulong ng CPP-NPA-NDF ang tanging dudurog sa mga pundamental na suliranin tulad ng imperyalismo, burukrata-kapitalismo at pyudalismo. Hangga't hindi nabubunot nang lubusan ang mga ugat na ito sa ating bayan, ang mga "reporma" ay walang katumbas kundi ang pagpapanatili lamang ng naghaharing sistema. ###

Ang *Alab* ay ang rebolusyunaryong pahayagang pangmasa ng Isla ng Mindoro. Hinihikayat ng Pamatnugutan ang mga mambabasa na magpaabot ng kanilang mga puna para sa higit pang pagpapaunlad ng ating pahayagan at maaari ding mag-ambag ng mga sulatin, balita, lathalain at panitikan para mas mapalamnan pa. Maaari ninyo itong ipaabot sa mga yunit ng NPA sa inyong lugar.